Department of Education

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

# Bokasyonal na Edukasyon at Pagsasanay (VET)

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

## Ano ang VET?

Ang Vocational Education and Training (VET) (Bokasyonal na Edukasyon at Pagsasanay) ay:

- Nagbibigay ng kasanayan at kaalaman na kinakailangan upang mabisang makapagsagawa sa trabaho. Ang mga kwalipikasyong VET ay natatangi sa mga partikular na trabaho sa industriya.
- Ang mga kwalipikasyon ay pambansang kinikilala at tinatanggap sa buong Australya.
- Ang mga kwalipikasyon, pati ang pag-aaral sa trabaho, ay nagbibigay ng mahahalagang kasanayan na nailipat sa maraming mga landas ng trabaho at edukasyon.

## Paano makakatulong ang VET sa Western Australian Certificate of Education (WACE)?

Malaki ang maitutulong ng VET patungo sa Western Australian Certificate of Education (WACE). Bilang mga halimbawa, ang isang Certificate II in Building and Construction Pathway Trades o isang Certificate II in Workplace Skills ay nakapagbibigay ng katumbas sa apat na yunit ng kurso sa WACE.

Mga natapos na kwalipikasyon na naitala bilang bahagi ng pag-aaral sa sekondarya ay naitatala sa Western Australian Statement of Student Achievement (WASSA) kasama ang mga indibidwal na units of competency (yunit ng kakayahan) na nakamit.

## Magpatala para sa isang Unique Student Identifier (USI)

Upang ang VET ay makakatulong sa WACE, kailangang siguraduhin ng isang mag-aaral na ang USI ay maisama sa kanilang student record.

Bisitahin ang https://www.usi.gov.au o tingnan ang papel ng impormasyon ng USI.

D22/0034639
9/02/2022

CC BY Exclusions may apply

## Ano ang ilang mga halimbawa ng mapagpipiliang landas tungo sa VET?

### Naihatid ang VET sa mga mag-aaral ng sekondarya > Pagsasanay > Trabaho at/o unibersidad




### Traineeship na nakabase sa paaralan > Pagsasanay > Trabaho at/o Unibersidad






D22/0034639
9/02/2022

Exclusions may apply

## Pre-apprenticeship > Apprenticeship > Trabaho at/o Karagdagang pagsasanay








Exclusions may apply